BRITISH COLUMBIA
The Best Place on Earth

Ministry of Education

Impormasyon para sa mga Mag-aaral, mga Magulang at mga Tumatayo bilang Magulang
Pagtatasa sa mga Pundasyon ng Kasanayan (Foundation Skills Assessment): Mga Katanungan at Mga Kasagutan

1 Tanong Ano ang Foundation Skills Assessment (FSA)?

Sagot Ang FSA ay isang pangkat ng pagsusulit sa pagbasa, pagsulat at pagkwenta (numeracy). Ang FSA ay sumusukat sa mga mahahalagang kasanayan sa pangprobinsiyang kurikulum. Ito ay sumusukat sa mga kasanayan na natutuhan ng mga mag-aaral hindi lamang sa isang taon bagkus, sa ilang taon ng pag aaral.

2 Tanong Nagkaroon ba ng mga di pa natatagalang pagbabago sa FSA?

Sagot Oo, tatlong mahahalagang pagbabago ang sinimulan sa FSA sa 2008:

1. Ang FSA ay magaganap sa Pebrero, hindi sa Mayo.
2. Ang mga katanungan na may ilang pagpipilian sagot (hindi ang mga nakasulat na mga kasagutan) na ginagawa online, gamit ang mga kompyuter.
3. Ang mga guro ang magbibigay ng puntos sa mga sinulat na gawain ng mga mag-aaral ngunit ang pagpupuntos ay ginaganap sa mga paaralan o sa mga distrito at hindi sa isang sentral na lokasyon.

Ang mga pagbabagong ito ay mapangyayari na ang resulta ay agad na maibabalik, sa parehong taon ng pagi-eskwela.

3 Tanong Bakit gumawa ng mga pagbabago sa FSA sa 2008?

Sagot Sa pamamagitan ng mga pagbabago, maibabalik ng Ministri ang mga resulta sa mga magulang sa katapusan ng Marso, at maibabalik nito ang mga resulta sa mga antas ng distrito at paaralan sa loob ng school year. Para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa foundation skills na ito, ang FSA ay nagbibigay ng isa pang panukat para sa mga paaralan upang makagawa ito ng mga plano upang tulungan ang mga indibidwal na estudyante at mga grupo ng mga estudyante bago ng katapusan ng school year.

4 Tanong Bakit ginagawa ang FSA batay sa isang census (mga estudyante) sa halip na random sample (ilang mga estudyante sa ilang mga eskwelahan)?

Sagot Ang isang census ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa bawat indibidwal na estudyante. Ang isang sampling na paraan ay hindi nagbibigay ng impormasyon sa eskwelahan o sa district level tungkol sa:

- mga ispesipikong grupo tulad ng mga aboriginal na estudyante, mga estudyante ng ESL, mga estudyante na may natatanging pangangailangan sa bawat kategoriya, mga batang nasa care at iba pang mga estudyanteng nangangailangan ng tulong
- mga sangay ng eskwelahan at mga eskwelahan
- achievement level ng bawat estudyante para sa lahat ng mga magulang at guro.

Ang bahaging ito ng impormasyon ay nakukuha lamang sa pamamagitan ng census.

Pinahihintulutan nito ang istratehiko at pokus na pagpaplano para mapahusay ang nagagawa ng bawat estudyante, mga grupo ng mga estudyante, mga eskwelahan at mga sangay ng eskwelahan sa loob ng BC. Ang impormasyong ito ay hindi makukuha kung sampling ang gagamitin.

5 **Tanong** Ang mga malawakang national at international test ay umaasa sa sample. Bakit hindi ito ginagawa ng FSA?

Sagot Ang national at international test ay nagbibigay lamang ng mga resulta sa provincial level. Ang FSA ay higit sa pangkalahatang performance ng provincial school system. Ang sample-based tests na ito ay hindi nagbibigay ng anumang impormasyon na ispesipiko para sa mga sangay ng eskwelahan, mga eskwelahan, ilang mga ispesipikong grupo ng estudyante o sa mga indibidwal na estudyante. Ang mga malawakang international test ay hindi nagbibigay ng anumang impormasyon tungkol sa isang sangay ng eskwelahan, eskwelahan o sa performance ng isang indibidwal na estudyante.

6 **Tanong** Gaano katagal ang pagkuha ng FSA ?

Sagot Karaniwang aabot ng apat at kalahating oras. Ang mga paaralan ay mayroong apat na linggo para maibigay ang FSA. Karamihan sa mga paaralan ay hinahati ang FSA ng hindi bababa sa tatlong sesyon upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng pagkakataon na gawin ang kanilang pinakamahusay na makakaya.

Ang mga mag-aaral lamang sa Ika-apat at Ika-pitong Baitang ang kumukuha ng FSA – kaya iyan ay mababa sa 10 oras ng pangprobinsiyang pagsusulit mula Kindergarten hanggang Ika-siyam na Baitang.

7 **Tanong** Kinakailangan ba na magsanay ang mga mag-aaral para sa FSA? Ang pagsasanay ba na ito ay makababawas sa panahon ng pag-aaral sa silid-aralan?

Sagot Ang mag-aaral ay dapat pinag-aaralan ang pundasyon ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat at pagkwenta (numeracy) sa kanilang regular na gawain sa silid-aralan. Ang mga guro at mga mag-aaral ay hindi na kinakailangan na magsagawa ng pagpapraktis para sa kasanayan (skill and drill) para sa FSA. Gayunman, ang mga mag-aaral ay mapaghuhusay ang kanilang makakaya kung sila ay kumportable sa pormat ng FSA (uri ng mga katanungan, paano ang pagsagot sa mga bahaging nasa kompyuter, at kung gaano dapat kahaba ang kanilang mga sagot sa nakasulat na mga katanungan.) Ang mga halimbawa ng katanungan sa FSA ay makikita sa: www.bced.gov.bc.ca/assessment/fsa/

8 **Tanong** Bakit ang mga mag-aaral sa BC ay kumukuha ng pagsusulit na ito?

Sagot Ang pangunahing layunin ng FSA ay upang matulungan ang mga paaralan, pampaaralang konseho sa pagpaplano, pampaaralang distrito at probinsiya sa pagtasa kung paano natutugunan ang mga pundasyon ng kasanayan at makagawa ng mga plano para sa higit na pagpapabuti. Ang pangalawang layunin ay upang makapagkaloob sa mga magulang, guro at punung-guro ng impormasyon tungkol sa mga indibiduwal na mag-aaral.

Ang FSA ay nagbibigay ng isang sulyap o “snapshot” kung gaano kahusay ang mga

mag-aaral ng BC sa mga pundasyon ng kasanayan. Ito ay nakakatulong na masagot ang mga mahahalagang katanungan tulad ng "Ang mga mag-aaral ba ay natututo ng mga mahahalagang kasanayan na kakailanganin nila sa hinaharap?" "Ang natatamo (achievement) ba ng mag-aaral ay bumubuti sa pagdaraan ng panahon?" "Mayroon ba na anumang mga kalakaran (trends) sa pinapakitang kahusayan ng mag-aaral sa paaralan, distrito o probinsiya?" at "Paano ang mga partikular na grupo ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng kanilang kasanayan?"

Ang resulta ng FSA ay maipapakita sa mga mag-aaral, magulang at guro kung saan ang mag-aaral ay nagpapakita ng kahusayan at ang mga kasanayan na kinakailangan nilang pag-ibayuhin. Ang resulta ng FSA ay magpupuno sa gawain sa silid-aralan at impormasyon sa report kard at kadalasan mayroong magandang pagpapareha sa pagitan ng mga ganitong magkakaibang uri ng impormasyon. Kapag mayroong pagkakaiba, kinakailangan na magtanong ang mga magulang sa guro ng kanilang anak.

9 **Tanong** Mahal ba ang FSA?
Sagot Ang halaga ng FSA ay umaabot sa $7.50 para sa bawat mag-aaral sa Ika-apat at Ika-pitong Baitang. Kabilang dito ang paggawa ng pagsusulit, pagi-imprenta at pagpapadala sa mga paaralan ng mga librito na sasagutan, pagbibigay ng pondo sa mga pampaaralang distrito upang sanayin ang mga magpupuntos (scorers) at pagbibigay sa paaralan at mga distrito ng karagdagang impormasyon kung paano kahusay ang ipinakita ng grupo ng kanilang mga mag-aaral sa mga katanungan sa FSA. Ang mga paaralang pangdistrito ay maaaring mayroong ilang gastusin upang matapos ang lokal na pagpupuntos.

10 **Tanong** Sino ang gumagawa ng mga pagsusulit sa FSA?
Sagot Ang mga guro sa BC ay kinontrata ng Ministri upang bumuo ng mga pagsusulit sa FSA.

11 **Tanong** Sino ang kumukuha ng FSA?
Sagot Maliban sa mga napakalimitadong pagtatangi, ang FSA ay kinukuha bawat taon ng lahat ng mag-aaral sa Ika-apat at Ika-pitong Baitang sa mga pampublikong paaralan at mga independyenteng paaralan na pinagkakalooban ng pondong pampubliko sa BC.

12 **Tanong** Anong uri ng pagsusulit ang FSA?
Sagot Ang pagbabasa at pagkwenta na pagsusulit ay binubuo ng mga katanungan na may ilang pagpipiliang sagot (multiple-choice) at nakasulat na kasagutan. Ang bahaging pagsulat ay may dalawang pagsusulat na ipagagawa – isang maikli at isa na mas mahaba.

13 **Tanong** Paano ang pagbibigay ng puntos sa FSA?
Sagot Ang pagpupuntos sa katanungan na may ilang pagpipiliang sagot (multiple-choice) ay sa pamamagitan ng kompyuter (automated). Ang mga ito ang pinakamalaking bahagi ng pagsusulit sa pagbasa at pagkwenta. Ang bawat pampaaralang distrito at bawat independyenteng paaralan ang namamahala sa pagpupuntos ng mga katanungan na nakasulat. Ang mga mag-aaral ay makakukuha ng magkakahiwalay na puntos sa pagbasa, pagsulat at pagkwenta. At isa-isip na ang mga nakasulat na tugon para sa pagbasa at pagkwenta ay mahalaga ngunit ang mga ito ay kumakatawan lamang ng

maliit na bahagi ng pangkalahatang puntos ng mag-aaral sa mga bahaging ito. Walang pangkalahatang puntos para sa FSA.

14 Tanong Kung ang mga isinulat na bahagi ay pinupuntusan sa lokal na pook, paano namin malalaman na ang pagpupuntos ay pantay, tumpak at hindi pabagu-bago?

Sagot Ang pagsasanay at impormasyon ukol sa pag-iskor ay nasa website ng Ministri. Habang nag-iiskor, ang mga taga-puntos ay susunod sa panuntunan ng Ministri at gagamit ng mga panlalawigang gabay sa pagpuntos at mga halimbawa ng mga ginawa ng mag-aaral. Sa ganitong paraan, isang panlahat na mga pamantayan ang ginagamit sa buong probinsiya. Hindi kinakailangang markahan ng dalawang ulit ang bawat tanong. Ang mga taga-puntos ay magkakaroon ng mas mahusay na pang-unawa ng mga pamantayang panlalawigan kapag pinag-usapan nila ang ilan sa kanilang mga ibinigay na puntos.

Sa karagdagan, ang Ministri ay kumukuha ng mga muwestra (samples) ng mga isinulat na sagot sa FSA at muling pupuntusan ang mga ito sa panahon ng tag-init. Hihingin sa mga distrito at mga paaralan ang mga muwestrang iyon kaagad pagkatapos ng kanilang pagpupuntos. Ang muling pagpupuntos ay hindi nagbabago sa anumang resulta ng mag-aaral o ng paaralan ngunit pinahihintulutan nito na makapagbigay ang Ministri ng mga mungkahi sa mga paaralan at pampaaralang distrito kung paano mas magiging malapit hanggang maaari sa pangprobinsiyang pamantayan.

15 Tanong Ano ang nangyayari sa mga puntos ng FSA?

Sagot Kapag naibigay na ng mga paaralan sa Ministri ang mga puntos para sa mga katanungang isinulat ang sagot, pinagsasama ng Ministri ang mga puntos sa mga tanong na may ilang pagpipiliang sagot (multiple-choice scores) at ibabalik ang kabuuang puntos sa mga paaralan, sa pamamagitan ng ulat sa bawat mag-aaral. Pagkatapos ay ibabahagi ng mga paaralan sa mga magulang ang resulta para sa bawat mag-aaral.

Ipinadadala ng mga paaralan sa tahanan ng mga magulang ng bawat mag-aaral ang tatlong magkakahiwalay na puntos (pagbasa, pagsulat at pagbilang) sa buwan ng Marso. Ang resulta ay hindi mga marka, letra na grado o bahagdan. Ang mga puntos ay nakasaad sa malawak na mga kategorya. “Hindi Nalalaman ang Performance Level” (Performance Level Unknown), “Hindi Pa Naaabot ang Inaasahan (Not Yet MeetingExpectations), “Naaabot ang Inaasahan (Meeting Expectations) o “Nilampasan ang Inaasahan (Exceeding Expectations)”. Ipadadala ng mga paaralan ang mga resultang ito sa mga tahanan kasama ang libritong ginamit ng mag-aaral para sa sulating gawain sa FSA. Ang mga magulang ay hinihimok na pag-usapan ang resulta sa guro ng kanilang anak.

Ginagamit ng Ministri ng Edukasyon ang lahat ng puntos ng bawat mag-aaral mula sa mga paaralan upang makabuo ng mga resultang pampaaralan, pangdistrito at pangprobinsiya. Sa yugtong ito, ang mga puntos ay binibigyan muna ng timbang o bigat (weighted) (halimbawa, ang mas mahihirap na mga katanungan, ayon sa resulta ng pagsusulit sa buong probinsiya, ay binibigyan ng kaunting “karagdagang kredito”). At pagkatapos ang mga resulta ay isasa-“ekwasyon” (equated), sa pamamagitan ng

pagpansin kung paano ang lahat ng mga mag-aaral sa BC ay sumagot sa alinman sa mga katanungan na ginamit sa mga naunang taon ng FSA. Ang ibang mga katanungan ay iniingatan at ginagamit na "angkla" upang alamin kung may nangyayaring pag-unlad taun-taon. Ang pinal na resulta ay ilalabas sa tagsibol (spring). Ginagamit ng mga paaralan at mga distrito ang impormasyong ito para sa pagpa-plano at pagsubaybay kung may kalakarang nangyayari sa natututuhan ng mga mag-aaral.

16 Tanong Ibinibilang ba ang mga resulta ng FSA sa report kard ng mga mag-aaral?
Sagot Hindi, ang mga resulta ng FSA ay hindi ibinibilang sa report kard ng mga mag-aaral. Subalit, ang resulta ng FSA ay dapat na maging kapupunan para sa ibang impormasyon tulad ng mga marka sa report kard at mga resulta ng mga pagtasa ng mga gawain sa silid-aralan. Minsan ang impormasyon mula sa FSA ay mukhang kakaiba sa impormasyong natatanggap ng mga magulang mula sa paaralan. Ang guro ng bata ang pinakamahigit na makapagpapaliwanag kung bakit maaaring magkaganito ang kaso. Ang resulta ng FSA ay nararapat makatulong sa mga magulang at mga guro upang pag-usapan kung paano mapagbubuti ang pagkatuto ng mag-aaral.

17 Tanong Paano maitataguyod ng mga magulang at mga guro ang FSA?
Sagot Hikayatin ang mga bata na gawin ang kanilang pinakamagaling nang hindi sila pinipilit. Paalalahanan sila na maaaring may mga tanong mula sa mga paksa ng nagdaang taon at maaari na ang ilan ay hindi pa nila natatalakay. Ito ay normal sapagkat ang ibang paksa ay tinatalakay ng iba ang pagkakasunud-sunod sa ibat ibang paaralan. Maaring tiyakin ng mga magulang na ang kanilang mga anak ay maayos na nakapahinga at papasok sa paaralan sa panahon ng pagsusulit. Maaari din na pag-usapan ng mga magulang ang resulta sa kanilang mga anak at guro pagdating ng Marso.

18 Tanong Paano ang mga mag-aaral na may tanging pangangailangan?
Sagot Lahat ng mga mag-aaral ay hinihikayat na makilahok, hanggang maaari, sa lahat ng aspeto ng kanilang programang pang-edukasyon, kasama na ang FSA. Ang ilang mag-aaral na may tanging pangangailangan ay maaaring hindi sumali sa lahat o bahagi ng FSA. Ang mga paaralan ay tumatanggap ng mga panuntunan upang tukuyin ang nasabing mga mag-aaral at ipinaalam sa mga magulang at mga tumatayo bilang magulang kung ang mag-aaral ay hindi kukuha ng pagsusulit.

19 Tanong Paano ang mga mag-aaral ng ESL?
Sagot Karamihan ng mga mag-aaral ng ESL ay sumasali sa lahat ng aspeto ng FSA. Ang ilan na hindi pa natututo ng mga panimulang kasanayan sa Ingles – ay hindi sumasali.

20 Tanong Paano ang mga mag-aaral ng Programme francophone at French Immersion?
Sagot Ang mga mag-aaral sa Programme francophone ay tatanggap ng FSA na salin sa wikang Pranses at sasagot sa wikang Pranses. Ang mga mag-aaral ng French Immersion ay tatanggap ng salin sa Ingles at sasagot sa Ingles.

21 Tanong Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa FSA?
Sagot Inyong makikita ang mga:

- Halimbawa ng mga pagsusulit sa FSA – kasama ang mga katanungang nasa on-

line
- gabay sa pagpupuntos
- halimbawa ng mga sagot ng mag-aaral sa mga tipikal na katanungan sa FSA
- halimbawa ng mga indibiduwal na ulat ng mga mag-aaral
- … at marami pang iba …

sa website ng Ministri ng Edukasyon: www.bced.gov.bc.ca/assessment/fsa/

Ang resulta para sa mga paaralan ay makukuha sa nasabing website sa tagsibol. Makatatanggap din ang mga paaralan ng dagdag na impormasyon kung paano ang kanilang mga mag-aaral ay sumagot bilang isang pangkat sa mga partikular na katanungan sa pagsusulit. Ang impormasyon ay makikita sa: www.edudata.educ.ubc.ca

22 Tanong Ano ang ginagawa ng mga paaralan at mga distrito sa resulta ng FSA?

Sagot Ginagamit ng mga paaralan at mga distrito ang resulta para sa pagpaplano at pagsubaybay sa kalakaran ng natatamo ng mga mag-aaral. Ang resulta ng FSA ay makatutulong upang malaman ng mga paaralan at mga distrito kung sila ay humuhusay sa paglipas ng mga taon. Ang layunin ay paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagdaan ng panahon.

Ang mga katanungan tungkol sa mga resulta sa mga paaralan at mga distrito ay dapat iparating sa punung-guro ng paaralan, sa pampaaralang konseho sa pagpaplano, o sa tagapamanihala (superintendent).